

CHAPTER ONE

“Hello, good morning. Miss Maningas?”
Narinig ni Lirio ang pagkatok sa salaming bintana ng nurses’ station pero subsob pa rin siya sa trabaho.

“Rio...” pabulong na tawag ng kaibigan niyang si Gay. “Lirio Maningas!”

Tinaasan niya ito ng kilay; para itong lukaret na sumesenyas sa kanya. At saka niya napansin ang bisitang matandang lalaki.

“Atty. Vasquez?” Napatayo siya at napaupo ulit sa pagkabigla.

“Kamusta na, Hija?” Pumasok ang abogado sa kuwarto. “Assistant Head Nurse ka na pala. Masama talaga ang loob ni Minerva n’ung umalis ka.”

Ako rin ho, masamang-masama ang loob ko. Galit pa sa ‘kin ang buong pamilya ko!

“Kamusta na ho si Lola Minerva? ‘Sabagay, katatanggap ko lang n’ung huling sulat niya.”

Napailing si Atty. Vasquez, nangilid ang luha sa mga mata at inabot ang kanyang kamay. “Wala na siya, Hija.”

“Patay na siya?” Pinigil niya ang mapaiyak.

Patay na si Lola Minerva. Wala na siya at wala na rin ang natitirang koneksyon ko kay Jeg! Para siyang dinibdiban sa sakit. Noon lang niya inaming umaasa pa siyang magkikita ulit sila ni Diego Carlos Gallego.

“May habilin siya para sa ‘yo.” Nagpunas ng mga mata ang abogado. “Puwede sanang sumulat na lang ako. Pero dahil napalapit ka na rin sa akin, gusto kong ako mismo ang magsabi.”

“Ano po iyon?” *Inay ko! May karugtong pa ba ang masamang balitang iyon?*

Sumulyap si Atty. Vasquez kay Gay na noon ay nakatanga pa sa kanila. *Puwede bang umalis ka diyan?* sinasabi ng tingin nito.

“Maiwan muna kita, Rio.” Tumayo na si Gay.

Pagkaalis ng kaibigan, lumapit pa sa kanya ang abogado. “Talagang napamahal ka na kay Minerva,” anito.

“Siya rin naman po, napamahal na sa akin.” Humugot siya ng panyo at buong gilas na suminga. “Kahit ho parang mga katulong lang kami ng mga Gallego—”

“Naku, huwag mong isipin iyan!” putol nito. “Iba ang turing sa ‘yo ni Minerva. Iiginalang niya ang pagkatao mo. Bakit ka biglang umalis sa *Isla*

Gallego?" Nang-uusig ang tono nito.

Kasi mahal na mahal ko na si Jeg at akala ko ganoon din siya sa akin... hindi pala! Humagulhol siya nang maalala ang huling pagkikita nila ng binata.

"Tahan na...." Tinapik siya ng abogado sa balikat. "Gaya nga ng sinabi ko, mahalaga ang punta ko rito. Kailangang makipaglibing ka.... Kailangang bumalik ka sa *Isla Gallego*."

HINDI MALAMAN NI RIO kung hihimatayin siya o maghi-hysteria pagkatapos. Paano niya haharapin si Jeg?

Nang makita ni Gay na nakatulala siya sa gabundok na papeles na dapat asikasuhin, hinila siya nito sa isang sulok.

"Alam kong may posisyon ka dito," bulong nito. "Pero kanina pa padaan-daan ang mga doktor! Nagtataka na sila. Baka bigla kang ipa-confine sa psychiatric ward!"

Hinilut-hilot niya ang batok na sumasakit. "Alam mo na ang kuwento ng mga Maningas at mga Gallego, di ba?"

Tumango ito. "May beinte ektaryang lupang pag-aari 'yung great-grandfather mong si Gaspar Maningas, Pulang Lupa ang tawag sa lugar. Minana

pa niya iyon sa kanunuan ninyo, 'tapos kinamkam ng mga Gallego kaya naging katiwala na lang kayo sa Pulang Lupa. Lahat ng kamag-anak mo'y naging tauhan na lang sa mga kompanya ng Gallego. Ikaw lang ang medyo nirespeto nila dahil nakatapos ka sa kolehiyo...."

"Nasabi ko na ba sa 'yo kung bakit ako bumalik dito?"

Sumimangot ito. "Hindi! Kung nasabi mo na, dapat hindi ako naiintriga ngayon."

"Madugo ang kuwentong ito...." Luminga si Rio sa paligid, saka hinila ang kaibigan sa maliit na silid na lalagyan ng mga kumot, kubrekama at punda ng unan.

Sumalampak sa sahig si Gay. "Okay, magsimula ka!"

LIMANG TAON NA SI RIO sa Intensive Care Unit ng *Cardinal Santos Memorial Hospital* nang kausapin siya ng head nurse.

"Masuwerte kang bata ka," bungad nito.

Kinabahan siya. Ganoon ito kapag may sasabihing mahalaga pero hindi niya magugustuhan.

"Naghahanap ng private nurse si Ma'am Minerva at—"

“Si Mrs. Minerva Gallego?” Napaalsa siya sa upuan.

Tatlong buwan ang matanda sa ospital. Hindi siya nagpakilala kaya panay ang iwas niya rito. Tensyonado siyang mabukong isa siya sa mga Maningas na halos isang daang taon nang katiwala at tauhan ng mga Gallego.

Nagdusa din ako habang tinatanaw-tanaw si Jeg...
Naisip niya ang lalaking pinag-iilusyunan ng halos lahat ng dalaga sa *Isla Gallego*.

“Natatandaan mo pa siya?” Todo-ngiti ang head nurse.

“Siyempre.” Tinumbasan niya ng ngiting-aso ang ngiti nito. “Di ba siya ‘yung matandang nambato ng arinola? ‘Yung palaging naghuhugot sa dextrose niya? ‘Yung ayaw magpatawag ng ‘Lola’ dahil ‘Señora’ raw ang tawag ng mga katulong niya? At saka, di ba, siya ‘yung nang-agaw ng injection na isinaksak niya mismo doon sa doktor na mang-i-inject sa kanya?”

“Natatandaan mo nga siya.” Nakasimangot na ito. “Mabuti kung ganoon; kaya mo siyang alagaan. Ikaw ang inirekomenda ko. Nagmamalasaakit ako kaya binibigyan kita ng pagkakataong kumita ng triple sa kita mo dito. At paraiso raw ang *Isla*

"Alam ko ho 'yon." *Doon kasi ako lumaki.*

PARAISO NGA ANG ISLA GALLEGO, kung isa kang Gallego, naisip ni Rio habang pinapanood ang pagdaong ng lantsa sa isla. Sampung taon na siyang hindi umuuwi mula nang mag-aral siya sa kolehiyo. *Hindi na 'ko sanay yumuko sa mga naghaharing-uri.* Sarkastiko pa rin siya tuwing maiisip ang paghahari ng mga Gallego sa isla.

Katunayan niyan ang ferry boat na sinasakyan niya ay pag-aari ng *Compania Navigacion de Gallego.*

"Nandito na pala ang sundo ko!" pagbibiro ng isang binatilyo nang makita ang puting *Pajero* na may tatak na *Rancho Gallego.*

"Kapal mo!" pang-aalaska ng barkada nito bago bumulong. "Huwag kang maingay, baka may bisitang susunduin papunta sa *Rancho Gallego.* Sila lang naman ang puwedeng mag-park diyan."

Natural, sabi niya sa isip, gusto nang sumali sa usapan. *Sa mga Gallego ang barko, ang pier, ang buong isla!*

Nakipagsiksikan siya sa mga tao para hanapin ang driver ng rancho na susundo sa kanya. Sa pagmamadali, nakabunggo niya ang isang malaking

mama.

“Oops! I’m sorry, Miss.” Pinulot kaagad nito ang dalawang malaking bag na nabitiwan niya sa semento.

“Okay lang. Salamat...” Noon niya napansin kung sino ang nakabanggaan.

Si Diego Carlos ‘Jeg’ Gallego! Ito ang lalaking nagpakabog sa dibdib niya nang dalagita siya. At ngayong beinte-siete na siya at treinta y tres na ito, dumadagundong pa rin ang pulso niya! Ito ang heredero ng mga Gallego, ang magiging diyos-diyusan doon pagkamatay ni Minerva.

At kung ganito ang diyos-diyusan na sasambahin ko, handa na akong maging pagano! Sa naisip ay gusto niyang sabunutan ang sarili. Magpigil ka, Lirio! Matanda ka na at alam mo nang hindi magkakagusto sa isang Maningas ang isang Gallego!

“Kasali ka ba sa tour group?” Hinubad ni Jeg ang sunglasses para matitigan siya.

Gusto niyang matunaw sa hiya nang gumapang ang mga mata nito sa kanyang manipis na blusa, pababa sa pantalong humahakab sa pigura niya.

“Hindi.” Sinubukan niyang kunin ang mga gamit pero hindi iyon binitawan ng binata.

“Wait, I’ll take you wherever you’re going.

Memoryado ko'ng isla na 'to." Nauna itong maglakad papunta sa *Pajero*.

"Sandali!" Sumulak ang galit niya. Ni hindi nito tinanong kung gusto niyang sumama rito! Kagaya ng lahat ng mga aroganteng Gallego, nagdesisyon itong sasama siya at wala na siyang dapat gawin kundi sumunod!

Inilagay nito ang kanyang mga gamit sa likod ng sasakyan. Kinapitan siya nito sa braso at giniyahan sa gilid ng *Pajero*, pagkuwa'y binuksan ang pinto at pinasakay siya.

"Puwedeng hintayin mo 'ko dito?" anito.
"Hahanapin ko lang 'yung nurse ng lola ko. Okupado kasi lahat ang drivers namin. Ibabagsak lang natin siya sa rancho..." Ngumisi ito nang pilyo.
"Then I'll show you around this paradise."

Gago ito, ah! Pag-aambisyunan pa 'ko! "Saglit!" Hinagip ni Rio ang manggas ng *Yves Saint Laurent* t-shirt nito bago ito makaalis.

Napatawa si Jeg. "Teka, huwag mo 'ko ditong hubaran!"

Parang napaso na binitiwang niya ito. "Diego Gallego! Hindi na 'ko nakikipagbiruan sa 'yo!"

Natigilan ito. Nagdilim pang lalo ang mga mata nitong titig na titig sa kanya. "Kilala mo 'ko?"

Naduwag siya bigla. Ito ang apo ng amo niya. Ilang minuto pa lang sa isla pero natututo na siyang yumukod sa isang Gallego.

“Magtatrabaho ako dito...” Kamuntik na niyang maidagdag ang salitang ‘señor.’

Napakunot-noo si Jeg. Alam nito ang bawat taong kinukuha para magtrabaho sa isla. “Saan eksakto ka magtatrabaho? Sa hotel, clinic, shipping office, ospital?” Tumayo ito nang tuwid kaya nahalatang hanggang baba lang siya nito.

Pinutol na niya ang pakikipaglaro rito. “Sa rancho! Ako ang nurse ng lola mo.”

Tumigas bigla ang mga bagang nito. Tahimik itong lumigid at sumakay sa sasakyan. Ilang minuto na sila sa kalye nang muli itong tumingin sa kanya.

“Hindi ka mukhang nurse,” anito. Saglit nitong pinagmasdan ang kanyang mukha. “I expected someone bigger. Kaya mo bang alalayan ang lola ko?”

Nakulbit nito ang kanyang pride. “Limang taon na akong nurse at wala pa ‘kong pasyenteng hindi nakaya,” taas-noong sabi niya.

Lalo niyang ikinainis nang tumawa si Jeg. Pinagtatawanan nito ang pagmamalaki niya.

“Ikaw ang inirekomenda ng *Cardinal Santos*.

Magaling ka nga siguro, Miss.... I'm sorry, nakalimutan ko'ng pangalan mo."

"Rio. Lirio Maningas."

Hindi ito makapaniwala sa narinig. "Taga-rito ka ba? May mga Maningas dito pero hindi sila—"

"Propesyonal?" Tinapos niya ang pangungusap para rito.

Napahiya ito. "I didn't mean to insult them but..."

"Katiwala ninyo dati sa mga niyugan ang lolo ko kaya naging foreman sa *Gallego Coir Company* ang tatay ko. Mekaniko sa shipping lines ang kuya ko at tauhan ninyo ang halos lahat sa mga kamag-anak ko." Hiningal siya pagkatapos ng matinding pagda-drama tungkol sa paninilbihan ng buong lahi niya.

Dumagundong ang malagom na halakhak nito. Gusto tuloy niyang manakal ng tao.

"Alam mo, tama ang sinabi ng great-grandfather ko. Ang mga babae ng mga Maningas ang pinakamagaganda at pinakamatatayang sa isla."

"Ganoon?" Gusto na niyang ipakita kung gaano siya katatayang.

Naging arogante bigla ang mukha nito.

"Ganyang klaseng babae ang masarap paamuin..."

CHAPTER TWO

Madali sanang iwasan si Jeg kung tinrato siya ni Minerva bilang katulong.

“Gusto kong sumabay ka sa ‘min sa pagkain,” ani Minerva. “Private nurse kita, hindi katulong.”

“Pinsan ko po ang tatlo sa mga katulong ninyo,” aniya.

“*¿Que tiene...?*” Nangislap ang mga diamante sa tainga nito. *Ano ba’ng mali sa ‘yo?* ang ibig sabihin ng pag-e-Español nito.

“Bakit mo ihihilera ang sarili mo sa kanila?” anito. “May pinag-aralan ka, galing ka sa isang primerong ospital sa Maynila. Aba! Ipinagmamalaki ka ng tatay mo. Magagalit sila kung tatratuhin kitang utusan.”

Paano ko malululon ang pagkain kung kinikilig ako tuwing makikita si Jeg? Mabuti at hindi niya nasabi iyon. Biglang bumukas ang pinto ng silid at pumasok ang binata.

“Hi, Lola! Kamusta ka na? Nag-aaway ba kayo?” Napansin nito ang mga mukha nilang palaban.

Umupo ito sa gilid ng kama at inakbayan ang matanda.

“Hindi kami nag-aaway.” Tinitigan ni Minerva ang apo. “Ba’t nandito ka na naman? Palagi mo yata akong dinadalaw ngayong mga araw na ito. Hindi pa ako mamamatay, huwag kang mag-alala.”

“Ayaw mo iyon? Nami-miss lang kita.” Hinalikan nito ang noo ng matanda pero kay Rio nakatingin. *At naiintriga ako sa nurse mong palagay ko’y naiintriga rin sa akin.*

“Kung ganoon, ipasyal mo kami sa tabing-dagat,” parang reynang utos ni Minerva. Habang nakikipagbiruan ito sa apo, inilapit niya ang wheelchair sa kama.

“Okay, halika na,” ani Jeg.

Dahil obligasyon ni Rio na alagaan ang matanda, tumungo siya para alalayan ito. Kaso, balak naman ni Jeg na buhatin ang lola. At dahil iniwasan sila ni Minerva, silang dalawa ang nagkayakapan!

Diyos ko, nasa langit na ba ako? Iyan ang sumuot sa utak niya nang madurog ang katawan niya sa mainit at maskuladong katawan ng binata. Hindi pa sana siya bibitiw kundi lang nagtatawa si Minerva sa tabi nila.

“Sino ba talaga’ng dinadalaw mo?” biro nito sa

apo. "Ako o si Rio?"

At sino ba'ng dapat kong alagaan? tahimik niyang itinanong dito. Ikaw o si Jeg?

May pribadong kalyeng daanan ang mga Gallego papunta sa tabing-dagat. Dinaanang muna nila ang amiga ni Minerva na si Susana Vallejo. Pagkababa ng matatanda, itinaboy na sila nito.

"Kumuha kayo ng merienda," utos nito. "May pag-uusapan kami."

Wala silang nagawa ni Jeg kundi maglakad papunta sa clubhouse.

"Alam ko na kung paano nabingwit ni Barbara Maningas si Gregorio Gallego," ani Jeg.

Napahinto siya sa paglalakad, napahigpit ang kapit sa sandalyas na hinubad niya habang naglalakad sa buhangin. Pinanlisikan niya ito ng mga mata. Kapatid ng lolo niya si Barbara Maningas at walang bumabanggit sa pangalan nito. Dahil noong 1920, nagkagustuhan si Barbara at ang bunsong anak ng mga Gallego na si Gregorio.

Walang Gallego ang puwedeng magpakasal sa isang abang Maningas kaya ipinaglihim ng dalawa na magkatipan sila. Nabunyag lang ang lahat nang magpapalahaw si Gregorio sa libing ni Barbara.

"Ano'ng koneksyon ng lola ko dito?" Iniumang

You Are Everything To Me
niya ang sandalyas. *Mag-ingat ka, baka sapatusin kita!*

Tumindi ang ngisi nito. “N’ung isiksik mo ang mukha mo sa leeg ko kanina at idiin ’yung boobs mo sa dibdib ko, siguro ganoon din ang gimmick ni Barbara sa lolo ko. Tipong ikinikiskis ’yung dibdib niya habang nagkokopra sila.”

“Ang kapal mo talaga!” Hinampas niya ito ng sandalyas. Wala siyang pakialam kahit masabuyan ng buhangin ang damit nito.

Nagtatawa si Jeg, madaling nahagip ang kamay niya. Ni hindi ito nahirapang isandal siya sa isang puno ng niyog at tuluyang ipirmi sa tagiliran ang kanyang mga kamay.

“Bitiwan mo ako, Diego!” Sinipa niya ito pero dahil nakapaa siya at nakasandal, walang puwersa iyon. “Una, hindi ko idiniin ang sarili ko sa ’yo. Sinunggaban mo ako! Pangalawa, sa tamad ng lolo mo, kahit kailan ay hindi iyon nagkopra! Baka ’ika mo, pinilit lang niya ang Lola Barbara ko!”

“Puwede.” Humigpit ang mga kamay nito sa kanya. “Palagay ko, ganito ang ginawa niya... hinila niya si Barbara sa ilalim ng puno ng niyog, inipit niya ang mga kamay, pinaghiwalay ang mga hita at...” Unti-unti itong tumungo palapit sa kanya, ilang pulgada na lamang ang layo sa kanyang labi.

Nakadikit ang katawan nito sa kanya, nasa pagitan ng mga hita niya ang isang maskuladong hita nito.

“Diego Carlos Gallego!” Pinanlisikan niya ang binata kahit pa gustung-gusto na niyang pumikit at namnamin ang halik nito. “Huwag mo ‘kong igaya sa mga napagsamantalahan ng lahi ninyo!”

Humaplos sa kanyang leeg ang hininga nito. “Itinutuloy ko lang ang tradisyon ng mga lahi natin.”

Lalo siyang nagpumiglas. “Anong tradisyon? Na angkinin kami ng mga lalaking Gallego na parang mga alipin na pinaglalaruan ng mga diyos?”

“Okay! I’d love to have you as my slave... sex slave.” Gumapang ang kamay nito sa kanyang katawan.

“Manigas ka! Hindi ako iginapang sa pag-aaral para lang maging laruan ng isang Gallego!”

Buong gilas niya itong sinipa sa alulod. Nagulat ito pero imbis na mainis, naaliw pa nang mabitiwan siya.

Sa pagkukumahog niyang makawala, naalog niya nang husto ang puno ng niyog. Akalain ba naman niyang mangalaglag ang mga tuyong bunga. Pinrotektahan niya ng mga kamay ang kanyang ulo.

Hindi iyon naisip ni Jeg. Napatili siya nang

mahulugan ito ng isang bunga sa ulo. Natahimik siya nang bigla itong mabuwal sa buhangin!

“SORRY HO TALAGA.” Iyon lang ang naisip sabihin ni Rio kay Minerva ilang oras pagkatapos ng insidente.

Natingnan na ng doktor si Jeg. Nabagok nga ang ulo nito at kailangang obserbahan sa gabing iyon. Tinulungan niya itong maihiga sa kuwarto bago inasikaso si Minerva.

“Bakit ka ba humihingi ng paumanhin?” Iritado pa ang matanda. “Sino ba’ng may gustong mabagsakan ng niyog si Diego? Ano nga ba’ng nangyari? Nakatunganga ba kayo sa ilalim ng niyog kaya siya nabagsakan?”

Hindi po! Sinusubukan niya akong halikan at pinipigilan ko ang sarili kong pumayag! “Aksidente nga lang po siguro.” Umiwas siya at nag-abala sa ibang bagay.

“Iwanan mo na’ng pag-aayos dito,” anito. “Maghapunan ka na. Magbihis ka kung gusto mo at puntahan mo na si Diego.”

“Ho?” Mabagal yata ang takbo ng utak niya.

“Aba! Siya ang may-sakit, siya ang bantayan mo ngayong gabi! Kaya nga hindi ko na pinapasok sa

ospital dahil nandito ka naman. Nakuha mo ba ang numero ni Dr. Medina? Bahala ka nang tumawag sa gabi kung may mangyari kay Diego.”

MAHIMBING NA ANG TULOG ni Rio sa sofa sa kuwarto ni Jeg nang gisingin siya nito.

“Ano’ng ginagawa mo dito sa kuwarto ko?” Iritado ito habang nakakapit sa ulo, tila pinipigilan ang pagsakit niyon.

“Ba’t ka tumayo?” Bumangon siya at pilit itong pinabalik sa kama. “Baka ka mahilo.”

Talo pa niya ang nagtulak sa bato. Hindi niya ito matinag sa pagkakatayo.

“Ba’t ba gusto mo ’kong pabalikin sa kama?” Naging pilyo ito. “Baka subukan mo na naman akong halayin.”

Kinurot niya ito nang pagkapinu-pino habang hinihila papunta sa kama. “Nawawalan na ako ng pasensya sa ’yo. Nabagsakan ka na nga ng niyog, hindi ka pa magtanda!”

Napaupo ito sa gilid ng kama, parang nagtataka pa. “Niyog ba ’yon? Akala ko nawalan ako ng ulirat sa tindi ng halik mo.”

Iniumang niya ang kamao rito. “Gusto mong mawalan ulit ng ulirat?” Napatawa ito. Naupo siya

sa tabi nito. "Gusto mong kumain?" Kinapa niya ang noo nito. "Nagugutom ka ba?"

"Ano'ng puwede kong kainin?" Gumapang ang tingin nito sa kanya. Nag-init ang mga mata nito nang matumbok ang umbok sa kanyang dibdib. Ngumiti ito.

"Oops! Kung anuman ang iniisip mo, hindi iyon ang tinutukoy ko."

Nakangisi pa rin ito nang itulak niya sa kutson. Inaayos niya ang kumot nang hawakan siya nito sa braso.

"Akala ko tatabihan mo ako. 'Yung yaya ko dati, tinatabihan ako tuwing may-sakit ako," anito.

"Kung hindi mo nahahalata, hindi ako yaya. At dahil treinta y tres ka na, hindi ka na puwedeng magyaya! Ikukuha kita ng pagkain."

Tumakbo siya palabas ng kuwarto. Napasandal siya sa pinto pagkatapos. Nabibingi siya sa lakas ng pagkabog ng kanyang dibdib.

Nang dalagita pa siya, lahat halos ng kaedad niyang babae ay nag-ilusyon na mapansin ni Jeg. Tuwing bakasyon, inaabangan nila ang pag-uwi nito sa isla mula sa Maynila.

"Kaya hindi kataka-takang medyo may crush pa ako sa kanya," giit niya sa sarili. "Pero crush lang ito!"

Mawawala din ito pag nagtagal!”

May dala na siyang pagkain pagbalik niya sa kuwarto. Tahimik siyang naghintay habang kumakain ito. Nang simulan niyang ligpitin ang kinainan, hinipo siya nito sa kamay.

“Sorry,” ani Jeg.

“Sorry para saan? Dahil hindi ka namatay n’ung tamaan ka ng niyog? Huwag kang mag-alala. Sa tigang ng ulo mo, kahit siguro isang sako ng niyog ang bumagsak sa ‘yo, mabubuhay ka pa!”

Humigpit ang kamay nito. “Totoo na ‘to! Binibiro lang kita kanina pero hindi nakakatawa ‘yung biro ko. Kahit minsan, hindi ko inabuso ang posisyon ko sa lugar na ‘to.”

Wala siyang masabi. Hindi siya sanay makitang nagpapakumbaba ang heredero ng mga Gallego.

“Naku, nagiging matino ka pala pag napapakain ng sopas! Itatanong ko sa pinsan ko kung paano niya niluto at araw-araw kong ipakakain sa ‘yo.”
Naghanda na siyang umalis.

“Dito ka na lang muna sa tabi ko,” lambing nito.

Umiling siya. “Hindi uubra sa akin ‘yan.

Pasyente kita at—”

“Di kalimutan mong pasyente mo ako. Sige na...” Umiwas itong tumingin sa kanya, parang

totoy na nahihya. “Hindi ako sanay magkasakit. Ayokong mag-isa dito. Dito ka lang sa tabi ko hanggang makatulog ako.”

Umupo na siya sa gilid ng kama nang may maisip siya. “Baka mamaya sabihin mo na namang hinahalay kita.”

“Hindi! Promise.” Nakikiusap na ito. “Ayokong mag-isa ngayon. Hawakan mo lang ako...”

Sumandal siya sa headboard at iniumang ang mga bisig dito. Para itong batang sumiksik sa kanya at inihilig ang pisngi sa kanyang dibdib. Parang tama lang na haplusin niya ang makapal na buhok at matitigas na balikat nito hanggang sa makatulog ito.

CHAPTER THREE

*M*ay nangyari sa gabing iyon na hindi maipaliwanag nina Rio at Jeg. Wala ni katiting na halik na namagitan pero nagkalapit ang kanilang kalooban. Mula noon, palagi nang aali-aligid sa kanya si Jeg.

“May boyfriend ka ba? Palagay ko wala.”

Nakabuntot ito sa dalaga na noon ay nagpapalit ng kubrekama sa kuwarto ni Minerva.

“May opinyon ka na pala diyan, ba’t tinatanong mo pa?” Pinagpag niya ang mga unan sa balustre ng balkonahe.

“Ako rin,” anito. “Wala akong girlfriend.”

“Bakit? Walang makatagal sa ugali mo?” pang-aasar niya.

Nagtampo ito kunwari. “Mabait naman ako, di ba?”

“Oo, pag hindi mainit ang ulo mo,” baling niya. “Mabait ka pag sunod lahat ang gusto mo at pag walang kumontra sa ‘yo.”

Iniabot nito sa kanya ang mga punda ng unan, “Sobra ka naman. You make me sound like an

"Arogante lang, hindi ka bastardo."

"Nagpapakabait na nga ako, eh." Napasulyap ito sa kanya, pagkuwa'y kinindatan siya. "Parang ang sarap higaan ng kama, ano? Subukan natin?"

"Iyan ba? Iyan ba ang kabaitang ipinakikita mo?" *Huwag mo akong biruin nang ganyan. Baka bumigay ako!*

"Teka, ba't ikaw ang nag-aayos dito?" Inakbayan siya ni Jeg palabas sa kuwarto. *Ayokong umaastang utusan ang mahal ko.* "Dapat habang wala si Lola, sinasamantala mo'ng magpahinga; gawain ng katulong iyan."

Kahit pa sarap na sarap si Rio, pinalis niya ang kamay nito. "Kasi po, Señor, mga pinsan ko 'yung katulong. Hindi ko matiis na nakatunganga ako habang nahihibang sila sa dami ng trabaho."

"Gusto mo, magpa-subscribe ako sa medical journals para makapagbasa ka? Puwede kitang pasalihin sa mga medical conference." Muli siyang inakbayan nito.

Nagulat siya; mga doktor lang ang sumasali sa medical conference. Marami ang matututunan niya kahit makinig lang siya. "Wala namang nurse na nakakasama sa mga ganoon, eh," aniya.

Humigpit ang kamay nito sa balikat niya.

“Kakausapin ko ‘yung mga med rep. Tatal, drug companies naman ang sponsors ng mga conference na ‘yan.”

“Alam mo, gusto ko nga sanang mag-Medicine noon, hindi lang namin kaya.” Tumingin siya rito.

“Puwede kaming magbigay ng scholarship...” Napahinto ito. *Limang taon kang mawawala dito. Baka maligawan ka pa ng doktor.* “Huwag na lang! Okay ka nang nurse.”

Hindi na niya inalam ang ibig sabihin ng mga nakakalitong sinabi nito.

Sa loob ng sampung buwan ay ganoon sila, pabirong nagbabangayan habang tahimik na kinikilig sa isa’t isa.

Minsan, lalabas na si Rio sa rancho nang makasalubong si Jeg. Huminto kaagad ito.

“Halika ka na.” Pinasakay siya nito.

“Ipagda-drive na kita sa bayan.”

Nagtinginan ang mga tao nang bumaba siya sa botika. Kahit madilim ang salamin, kilala ng buong isla ang *Pajero* na may plakang DCG 111.

Binati siya ng pharmacist. “Bongga ang driver mo.”

“Si Jeg... si Mr. Gallego ‘yan,” aniya. “Sinamahan

26 *You Are Everything To Me*
lang ako dahil wala nang gamot ang lola niya."

Wala na siyang pakialam kung naniwala ang mga kausap o hindi. Nagmadali siyang bumalik sa sasakyan pagkatapos mabili ang mga gamot. Bale-wala naman sa binata kung makita sila ng buong bayan.

"Samahan mo naman akong mag-grocery," anito. "Wala na 'kong shaving cream, disposable razor at—"

"Naku, kawawa ka naman!" Ginulo niya ang buhok nito. "Ikaw ang may-ari ng supermarket pero nauubusan ka ng gamit. Kailangan mo na sigurong pakasalan 'yung apo ni Mrs. Vallejo para may mag-asikaso sa 'yo—"

Napadiin bigla ang kamay nito sa busina. Galit na galit kunwari ito nang bumaling sa kanya. "Hindi si Debra ang gusto kong pakasalan."

"Hindi naman si Debra ang tinutukoy ko," biro niya. "Si Mark!"

"Oy! Kung ayaw mong ilaglag kita riyan sa palayan, huwag mo 'kong bibiruin nang ganyan!" Sumulyap ito sa kanya at pinisil ang kamay niya. "Nasa akin na ang gusto ko...."

Napigil ang hininga niya. Bumaling siya sa mga palayang dinadaan nila. "Masama nga yata ang

epekto ng pagkakalaglag ng niyog sa ulo mo, ano?"

Nagpreno si Jeg sa tabi ng kalye at kinabig siya paharap dito. "Alam mo'ng nadarama ko, di ba? I believe the feeling is mutual."

Mahal mo rin ako? Bago siya lumutang sa tuwa ay kumapit siya sa pinto ng sasakyan. "Wala akong balak gumaya sa Lola Barbara ko." Tuwid siyang tumingin dito.

"Rio!" Sinapo nito ang kanyang pisngi. "Seryoso ako sa 'yo. Let's explore what we're feeling."

"Para ano pa?" Mapait ang pananalita niya. "Walang Gallego na pumapatol sa isang Maningas!"

Hinaplos nito ang kanyang pisngi. "Correction, marami sa kalahi ko ang pumatol sa kalahi mo. Walang Gallego ang nagpakasal sa isang Maningas... pero tayo ang mauuna."

"Jeg!" Sinunggaban niya ito, niyakap nang mahigpit at pinaulanan ng mga sabik na halik sa mukha. "Sigurado ka? Narinig ko si Mrs. Vallejo; sabi niya'y magiging magkakasosyo kayo nina Debra at Mark sa gagawing airstrip—"

Pinigilan siya ni Jeg sa batok at siniil ng halik sa labi. Nagpaubaya siya sa matamis na panlulupig ng mainit na halik at mapang-angking paghipo ng mga kamay ito.

Abut-abot na ang hininga nila nang putulin nito ang halik.

“Wow! I waited ten months for that kiss.... Ano’ng pinag-uusapan natin?” Ginalugad ng mga mata nito ang kanyang sabik na mukha.

Malay ko, halikan mo na lang ulit ako! “Yung kasosyo mo sa gagawing airstrip,” naibulong niya.

“Magkasosyo lang kami. Hindi ko siya kailangang pakasalan.”

“Talaga?” Mamamatay na siya sa tuwa at kilig.

Hinipo nito ang kanyang baba at inumang ang mukha niya rito. “Sa lahat ng Gallego, si Gregorio lang ang naduwag na magpakasal sa babaeng gusto niya. Hindi niya ipinaglaban si Barbara. Tanungin mo si Lola; alam niyang walang makakapigil sa ‘kin.”

Iyon na ang pinakamasayang oras ng buhay ni Rio. Sa maikling panahong iyon, nakalimutan niya ang malaking agwat sa estado nila pero saglit lang niyang nalimot iyon.

Papunta na sila sa rancho nang madaanan ang ilang kumpol ng bahay. Sa gitna mismo ng highway, may isang lasing na nagwawala. Huminto si Jeg dahil pasuray-suray ito. Kilala nila ang taong iyon, si Ruding Maningas.

Husto namang humahabol ang asawa nitong si Maring na kasalukuyang nagpuputak. “Nakow! Ikaw lalaki ka! Lasing ka na naman! Halika’t umuwi na!” Kinapitan nito sa kuwelyo ang asawa at pilit hinila sa direksyon ng bahay nila.

“Hindi ako lasssiing...! B-baka ikaw ang lasssssing...! Gusto mo, tagay tayo, pare kooo!” Nagpumiglas si Ruding. Natisod ito, nabuwal at pati si Maring ay nahila sa pagtumba!

“Nakow! Tingnan mo iyang ginawa mong matanda ka...!” Nagsimula ang bagong pagpuputak ni Maring.

Dumarami na ang mga taong nanonood sa dalawa. Ilang beses nang napanood ni Rio ang eksenang iyon pero ngayon lang siya nanliit sa hiya.

Nakakahiya kay Jeg! Palaging may dignidad at kagalang-galang ang mga kamag-anak niya! Samantalang ang mga kamag-anak ko, mga walang modo kung kumilos.

Nagulat na lang siya nang maalog ang sasakyan sa pagtaklab ng pinto. Bumaba si Jeg at lumapit sa mag-asawang nagwawala.

Ano’ng gagawin niya? Nagkukumahog siyang sumunod.

“Halina po kayo....” Tinulungan nitong makatayo si Ruding.

Noong una ay nagwawala pa ito. Pero kahit lasing, tumagos dito kung sino ang kausap.

“Diego... Sir...” Nagpilit tumayo si Ruding.
“Pasensya na po... nagkatuwaan lang kami. Off-duty na po ako...”

“Malayo na yata kayo sa bahay ninyo,” ani Jeg.
Hinagip naman ni Maring ang kuwelyo ng duster at nagpunas ng pawisang mukha. “Oo nga po,” anito. “Magta-tricycle na lang kami—” Naudlot ang sinasabi nito nang makita siyang bumaba mula sa sasakyan.

“Mano po, Tiya, Tiyo.” Nagmano siya sa dalawa.
Naumid ang dila nina Ruding at Maring.
Lampas isang daang taon na ang mga Gallego at Maningas sa isla pero noon lang sila nakakita ng isang Maningas na ipinagmaneho ng isang Gallego. Kalimitan Maningas ang nagmamaneho samantalang nakaupo sa likod ang mga Gallego.

Nagulumihanan silang lahat nang mag-alok si Jeg. “Sumabay na po kayo sa amin. Ihahatid ko na kayo.”

PALAGAY NI RIO ay siya na ang pinakamasuwerteng babae sa buong mundo.
Nagbigay-galang si Jeg sa pamilya niya! Para siyang

nakakita ng isang imortal na yumukod sa mga ordinaryong mortal.

“Sana ako’ng iniisip mo,” biro nito habang pabalik sila sa rancho. Napansin nito ang kakaibang pagtahimik niya.

Kinapitan niya ang braso nito. “Jeg, puwedeng huwag muna nating ipagsabi ang nangyayari sa ‘tin? Puwedeng sekreto muna nating dalawa?”

Nagpreno ito sa tabi ng kalye. Matigas na ang mukha nito, nakakuyom ang kamay nang bumaling sa kanya. “Bigyan mo ako ng magandang rason,” anito.

“Natatakot ako,” pag-amin niya. “Paano kung hindi tayo magkatuluyan? Malalaman ng buong bayan. Iisipin nilang ibinasura mo ako dahil—”

Tinakpan nito ang bibig niya, “Ayoko nang marinig ang iba pa. Napakababaw naman ng tingin mo sa ‘kin. Kung talagang mahal mo ako, you would be willing to take the risk for me!”

“Diego!” Galit na rin siya. “Kahit ako lang ang makaalam na mahal kita, malaking pakikipagsapalaran na sa akin. Que malaman ng buong mundo o hindi, pareho lang ang pagmamahal ko sa ‘yo. Ganoon din ang sakit noon pag nagkahiwalay tayo.”

Napapikit saglit si Jeg, saka iniumang ang mga bisig sa kanya. Inihilig nito ang pisngi sa kanyang buhok habang humihigpit sa katawan niya ang mga maskuladong braso nito.

“Wala kang dapat ikatakot,” anito. “Kung hindi rin lang panghabang-buhay, hindi na kita mamahalin....”

“KAILAN BA NATIN aaming magnobyong tayo?” bulong ni Jeg.

“Shh....” Luminga sa paligid si Rio.

Nasa isang boutique sila sa loob ng hotel. Sinamahan siya nitong mamili ng damit na isusuot para sa gabing iyon.

“Gaano ba kapormal ang dapat kong isuot? Nurse lang naman ako ng lola mo. Hindi ako kailangang sumabay sa hapunan.” Sinipat niya ang isang itim na damit.

“Iyan nga ang problema sa sekreto natin. Hindi kita maipakilala nang maayos.” Nangunot-noo ito. “Mga sampu lang ’yung darating; kasali lahat ’yon sa gagawing airstrip.”

Kasama ang mga Vallejo. Dapat magmukha akong tao para hindi malait-lait ni Debra, naisip niya.

“Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko,” giit ni

Jeg. "Kailan mo aamining nobyo mo ako?"

"Magiging komplikado ang buhay natin,"
aniya. "Pagtsitsismisan tayo. Kahit wala tayong
ginagawang masama, hindi pa rin magandang
tingnan na magnobyong tayo at magkasama sa isang
bahay."

Bugnot na ito. "Ano'ng punto nito?"

"We'll announce everything, pag handa ka nang
pakasalan ako."

"Okay then, we can announce it tonight."

Nagnakaw ito ng isang halik bago hinagip ang itim
na damit. Gusto sana niya iyon pero sing-mahal ng
suweldo niya sa isang buwan. "Isukat mo 'to."

"Hindi 'yan bagay sa'kin!" protesta niya. *Lalong
hindi bagay sa bulsa ko!*

"Gusto ko ito para sa 'yo at bibilhin ko para sa
'yo."

TENSYONADO SI RIO buong gabi. May
duda siyang nagtapat na si Jeg kay Minerva dahil
bumulong ito sa kanya.

"Natutuwa ako sa inyo," anito. "Gusto kong
makita ang mukha ni Debra pag nalaman niyang
nakawala sa kanya si Diego."

Nakagaan iyon sa pakiramdam niya. Pero

talagang nakakailang makihalubilo sa mga milyonaryo sa isla samantalang marami sa mga tagasilbi ay kakilala at kamag-anak niya.

“Honey,” bulong sa kanya ni Jeg, “we’ll announce the engagement at nine thirty.”

“Okay.”

Husto namang lumapit sa kanila ang isang kasosyo ng binata sa bangko. Isinama ito ni Jeg sa balkonahe kung saan puwede silang mag-usap nang tahimik. Walang maisip gawin si Rio nang magkasalubong sila ni Debra.

“I love your outfit!” bulalas nito bago bumulong. “I saw it at the hotel. Mahal iyan, di ba? Dalawang buwang suweldo mo na. Hindi ba sayang? Sana ginamit mo na lang na pampaayos ng bubong ng bahay ninyo. Napadaan ako doon minsan, parang babagsak na iyon.”

Mahina pang sabihing nanigas ang dila niya. Malaking kabastusan ang pang-iinsulto ni Debra.

Pero totoo ang sinabi niya, sabi niya sa isip, pinigilan ang nag-uumalpas na katarayan. Talagang kailangan nang ipaayos ang bahay namin. Alangan namang sabihin kong si Jeg ang bumili ng damit ko.

“Waitress,” tawag ni Debra ang isang tagasilbi. “Ikuha mo ako ng malamig na tubig,

'yung maraming yelo." Pagkatapos ay bumaling ito sa kanya. "Medyo magkahawig kayo, Rio.... Kamag-anak mo siya?"

Tumayo siya nang tuwid at taas-noong inamin na pinsan niya iyon. "Lahat ng mga Maningas, marunong kumayod!" Ngumiti siya ng ngiting sing-plastik ng *Tupperware*. "See you around, Debra."

Nakihalubilo siya sa ibang bisita pero maya't maya ay sumusulyap sa orasan. Alas nueve na nang magpasya siyang hanapin si Jeg.

Mabuti pa, sabihin na niya agad ngayon! Baka naninigas na 'ko sa tensyon kung mamaya pa!

Hinanap niya sa maluwang na bulwagan ang binata nang maalalang nagpunta ito sa balkonahe. Palapit na siya sa dalawang malaking pinto niyon nang marinig ang boses ni Debra.

"I can't believe you were able to deceive everyone, Jeg!" Tumawa nang mahina ang babae.

Maliwanag ang sagot ni Jeg. "You didn't think I would have an affair with my grandmother's nurse, did you? Masisira ang reputasyon namin. Alam ng buong isla ang kuwento ng mga Gallego at Maningas...."

Nabingi na siya sa sumunod na mga sinabi nito. Sapat na iyon para malaman niyang naloko siya!

Naloko siya at tinangkang pagsamantalahan ng isang Gallego.